



Mga Bakuna sa COVID-19 – Mga Kadalasang mga Katanungan

KALIGTASAN AT MGA EPEKTO

Ano ang pangkaraniwang epekto ng mga bakuna ng COVID-19 vaccines?

Ang mga pangkaraniwang epekto pagkatapos magpabakuna ng COVID-19 ay kinabibilangan ng:

- Pananakit, pamumula, o pamamaga sa braso kung saan ibinigay ang bakuna (o hita para sa maliliit na mga bata)
- Lagnat, Panginginig
- Sakit ng ulo
- Nakakaramdam ng pagod
- Nababahala o umiiyak (maliliit ng mga bata)
- Pananakit ng kalamnan o kasukasuan
- Namamagang mga kulani
- Nahihilo, pagkawala ng gana

Ang mga epektong ito ay maaaring limitahan ang iyong kakayahang gumawa ng mga pang-araw-araw na mga aktibidad, ngunit dapat itong mawala sa loob ng isa o dalawa. Karamihan sa mga tao ay nagkakaroon lamang ng banayad na mga epekto at ang ilang mga tao ay hindi nagkakaroon ng anumang mga epekto.

Ang mga epekto ay normal at isang palatandaan na gumagana ang bakuna. Ipinapakita nito na ang iyong katawan ay natututong lumaban sa virus at bumubuo ng imyunidad. Mahalagang makuha ang lahat ng inirerekomendang dosis kahit na nagkaroon ka ng mga epekto pagkatapos ng mas naunang dosis maliban kung sasabihin sa iyo ng isang tagapagbigay ng pagbabakuna o ng iyong doktor na huwag.

Tingnan ang [Mga Posibleng Epekto Pagkatapos Makakuha ng Bakuna ng COVID-19](#) ng CDC.

Paano kung hindi ako nagkaroon ng epekto pagkatapos kong magpabakuna ng COVID-19?

Ang mga reaksiyon pagkatapos makakuha ng bakuna sa COVID-19 ay maaaring mag-iba sa bawat tao. Karamihan sa mga tao sa mga klinikal na pagsubok ng mga bakuna sa COVID-19 ay mayroon lamang banayad na epekto, at ang ilan sa mga ito ay walang anumang epekto. Ang mga taong iyon ay mayroon pa ring malakas na [tugon sa imyunidad](#) sa bakuna. Pinoprotektahan ka ng pagbabakuna mula sa malubhang impeksyon sa COVID-19 mayroon ka man o wala na mga epekto pagkatapos ng pagbabakuna.

Mayroon bang malubhang reaksiyon pagkatapos magpabakuna sa COVID-19?

Oo, maaaring mangyari ang mga malubhang reaksiyon ngunit napakabihira. Natukoy ng mga sistema ng pagsubaybay sa kaligtasan ng bakuna ang apat na malubhang problema sa kalusugan, na inilarawan sa ibaba. Ang mga bakunang Pfizer, Moderna, at Novavax sa COVID-19 ay inirerekomenda na ngayon kaysa sa bakuna ng J&J. Ang isang dahilan nito ay dahil sa isang bihira, ngunit malubhang epekto na nauugnay sa bakuna na J&J. Kung nakatanggap ka ng bakuna, tingnan ang [Mga Epekto ng Bakuna](#) upang malaman ang tungkol sa mga posibleng sintomas na dapat bantayan.

- **Anaphylaxis:** Ang anaphylaxis ay isang bihira ngunit malubhang reaksiyong alerhiya na maaaring mangyari pagkatapos uminom ng gamot o pagpapabakuna. Kung ito ay mangyari, ang mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ay maaaring maging epektibo at agad na gamutin



Mga Bakuna sa COVID-19 – Mga Kadalasang mga Katanungan

KALIGTASAN AT MGA EPEKTO

ang reaksiyon. Ang iba pang hindi gaanong malubhang alerdyik reaksiyon ay maaari ding mangyari. Alamin pa ang mas marami sa webpage ng CDC na [Alerdyik Reaksiyon pagkatapo ng Pagpapabakuna sa COVID-19](#).

- **Myocarditis at pericarditis pagkatapos ng mga bakunang Pfizer, Moderna at Novavax:** Ang myocarditis ay pamamaga ng kalamnan ng puso at ang pericarditis ay pamamaga ng panlabas na balat ng puso. Ang myocarditis at pericarditis pagkatapos ng pagbabakuna sa COVID-19 ay bibihira. Karamihan sa mga taong may myocarditis o pericarditis pagkatapos ng pagbabakuna ay bumubuti sa gamot at pahinga at mabilis na bumuti ang pakiramdam. Ang mga taong nakakaranas ng mga kundisyong ito ay karaniwang maaaring bumalik sa kanilang normal na pang-araw-araw na gawain pagkatapos bumuti ang kanilang mga sintomas.

Mga bakunang Pfizer at Moderna: Karamihan sa mga kaso ay naiulat pagkatapos ng pangalawang dosis ng bakuna. Ang mga kabataang lalaki at mga batang nasa tamang edad na ay mas malamang na maapektuhan. Ang pagpapahaba ng oras sa pagitan ng una at pangalawang dosis ay nagpapakita ng pagbaba ng panganib ng myocarditis. Isa ito sa mga dahilan kung bakit inirerekomenda na ngayon na ang mga tinedyer at mga batang nasa tamang edad na ay magkonsidera ng pagkuha ng pangalawang dosis 8 linggo pagkatapos ng kanilang unang dosis. Ang panganib ng myocarditis ay lumilitaw na mas mababa pagkatapos ng dosis ng pampalakas na bakuna (booster) kaysa pagkatapos ng pangalawang dosis ng bakuna.

Ang mga batang may edad na 6 na buwan hanggang 11 taong gulang ay tumatanggap ng mas mababang dosis ng bakuna kumpara sa mga taong edad 12 pataas. Ang kamakailang [ulat](#) mula sa CDC ay walang nakitang tumaas na panganib para sa myocarditis pagkatapos ng pagbabakuna ng COVID-19 sa mga batang may edad na 6 na buwan–5 taon. Sa isang [pag-aaral na inilathala ng CDC](#), pagkatapos ng humigit-kumulang 8 milyong dosis ng bakunang Pfizer na pambata na ibinigay sa mga batang 5-11 taong gulang, 11 kaso ng myocarditis ang naiulat at napatunayan. Karamihan sa mga kasong ito ay banayad at mabilis na gumaling.

Nalaman ng isang pag-aaral ng mga taong may edad na 5 pataas na ang panganib ng mga komplikasyon sa puso, gaya ng myocarditis, pericarditis, at multi-system inflammatory disease (MIS-C) ay mas mataas pagkatapos magkaroon ng impeksyon sa COVID-19 kaysa pagkatapos makakuha ng isa o higit pang dosis ng Pfizer o mga bakunang Moderna. Ang paghahanap na ito ay nakita sa mga lalaki at babae sa lahat ng edad. Mahalaga rin na tandaan na ang myocarditis na nauugnay sa bakuna ay mas banayad at hindi tumatagal hangga't myocarditis dahil sa iba pang mga sanhi.

Ang isang [pag-aaral](#) ng mga taong may edad na 5 pataas ay nalaman na ang panganib ng mga komplikasyon sa puso, gaya ng myocarditis, pericarditis, at multi-system inflammatory disease (MIS-C) ay mas mataas pagkatapos magkaroon ng *impeksyon* sa COVID-19 kaysa pagkatapos makakuha ng isa o higit pang mga dosis ng bakuna ng Pfizer o Moderna. Ang natuklasang ay nakita sa mga lalaki at babae sa lahat ng edad. Mahalaga rin na tandaan na ang myocarditis na nauugnay sa bakuna ay mas banayad at hindi tumatagal katulad ng myocarditis dahil sa iba pang mga sanhi.



Mga Bakuna sa COVID-19 – Mga Kadalasang mga Katanungan

KALIGTASAN AT MGA EPEKTO

Bakuna sa Novavax: Naiulat ang mga kaso ng myocarditis at pericarditis sa mga taong nakatanggap ng bakunang Novavax COVID-19. Ang pagkuha ng ika-2 dosis ng Novavax 8 linggo pagkatapos ng una ay maaaring mabawasan ang panganib ng mga bihirang kondisyong ito.

Mahalagang tandaan na ang *sakit* na COVID-19 ay nauugnay sa mas mataas na panganib ng atake (stroke), acute coronary syndrome, myocardial infarction (atake sa puso), pagtigil ng tibok ng puso (heart failure), arrhythmia (hindi regular ang tibok ng puso), at cardiac death (pagkamatay dahil sa pagtigil ng puso), gayundin ang myocarditis at pericarditis.

- **Thrombosis na may thrombocytopenia syndrome (TTS) pagkatapos ng pagpapabakuna sa J&J:** Ang TTS ay isang bihira ngunit seryoso, at kung minsan ay nakamamatay na kondisyon na kinasasangkutan ng mga namuong dugo at mababang bilang ng mga platelet. *Naiulat ang TTS sa malawak na hanay ng edad sa mga lalaki at babae na nakatanggap ng bakunang J&J.* Ang mga babaeng may edad na 18-49 na taong gulang ay dapat lalo na magkaroon ng kamalayan sa bihira ngunit mas mataas na panganib ng masamang pangyayaring ito. Para mas malaman pa ang marami, bisitahin ang [Mga Nakitang Masamang Pangyayari na Iniulat Pagkatapos ng Pagpapabakuna sa COVID-19](#) ng CDC.

Guillain-Barré Syndrome (GBS) pagkatapos ng pagpapabakuna sa J&J: Ang GBS ay isang bihirang sakit kung saan ang sistema ng imyunidad ng katawan ay sumisira sa mga selula ng nerbiyo (nerve cells). Nagdudulot ito ng panghihina ng kalamnan at kung minsan ay paralis. Karamihan sa mga tao ay ganap na gumaling mula sa GBS, ngunit ang ilan ay may permanenteng pinsala sa nerbiyo. *Naiulat ang GBS sa mga taong nakatanggap ng bakunang J&J.* Mas marami ang mga kaso sa mga lalaki, lalo na sa mga lalaking edad 50 pataas. Halos lahat ng mga tao ay nagkasakit sa loob ng 6 na linggo pagkatapos makuha ang bakuna. Karamihan ay nagkasakit sa unang 3 linggo. Para mas malaman pa ang marami, bisitahin ang [Mga Nakitang Masamang Pangyayari na Iniulat Pagkatapos ng Pagpapabakuna sa COVID-19](#) ng CDC

Para sa mas marami pang impormasyon, bisitahin ang [Mga Nakitang Masamang Pangyayari na Iniulat Pagkatapos ng Pagpapabakuna sa COVID-19](#) ng CDC.

Sa ngayon, mahigit 603 milyong dosis ng bakuna ng COVID-19 ang naibigay na sa Amerika. Kahit na ang mga epekto ay maaaring mangyari, ang mga ito ay napakabihira. Ang mga benepisyo ng pananatiling napapanahon sa mga bakuna sa COVID-19 ay mas matimbang kaysa sa mga panganib.

Ang mga bakuna bas a COVID-19 ay mas malamang na magkaroon ng anumang pangmatagalang mga epekto?

Hindi. Ang mga pangmatagalang epekto ay malamang na hindi mangyari. Batay sa nalalaman namin mula sa iba pang mga bakuna, ang mga pangmatagalang epekto ay nangyayari sa loob ng anim na linggo pagkatapos mabakunahan. Sa kadahilanang ito, inatasan ng Food and Drug Administration (FDA) ang mga kumpanyang gumagawa ng mga bakuna para sa COVID-19 na sundan ang mga kalahok sa pagsubok nang hindi bababa sa walong linggo. At ang mga kalahok sa mga pagsubok sa bakuna ay patuloy na sinusundan kahit na ang mga bakuna ay pinahintulutan/naaprubahan para sa paggamit. Bukod pa dito, patuloy na masidhing sinusubaybayan ng CDC ang mga bakuna sa COVID-19 pagkatapos ang mga ito ay



Mga Bakuna sa COVID-19 – Mga Kadalasang mga Katanungan

KALIGTASAN AT MGA EPEKTO

pinahintulutan/naaprubahan at nabigyan ng lisensya. Mahigit na sa isang taon ang nakalipas mula nang malawakang nagagamit ang mga bakuna para sa COVID-19 (at mas matagal pa mula nang magsimula ang mga pagsubok sa bakuna). Milyun-milyong tao na ang nakatanggap ng mga bakuna sa COVID-19 at walang pangmatagalang mga epekto ang natukoy.

Sa pagkukumpara, alam namin na ang virus na nagdudulot ng COVID-19 ay maaaring magsanhi ng ilang pangmatagalang epekto sa mga matatanda at sa mga bata. Halimbawa, ang ilang mga tao ay patuloy na nagkakaroon ng mga sintomas tulad ng pakiramdam ng sobrang pagkapagod, nahihirapang matulog, pananakit ng ulo, at kakapusan sa paghinga sa loob ng ilang buwan pagkatapos ng kanilang unang impeksyon sa COVID-19, na kadalasang tinatawag na [long COVID](#). Dagdag pa dito, ang isang malubhang kondisyon na tinatawag na [Multi-System Inflammatory Syndrome](#) ay maaaring makaapekto sa mga bata (MIS-C) at matatanda (MIS-A). Ang MIS ay isang bihira ngunit malubhang kundisyong nauugnay sa COVID-19 kung saan ang iba't ibang bahagi ng katawan ay namamaga, kabilang ang puso, baga, bato, utak, balat, mata, o bahagi ng bituka at sikmura (gastrointestinal organ). Maraming mga pasyente ang kinakailangang mahospital at, ang kalunos lunos, ang ilan ay namamatay. Ang pagbabakuna sa COVID-19 ay nag-aalok ng proteksyon laban sa mga "pangmatagalang" epekto ng virus na ito.

Kung magkaroon ako ng reaksiyon pagkatapos kong magpabakuna, paano ko iuulat ito?

Kung mayroon masamang nangyari sa iyo (posibleng mga epekto) pagkatapos mong mabakunahan, kahit na hindi ka sigurado na ang bakuna ang sanhi nito, mangyaring iulat ito sa VAERS. Ang Vaccine Adverse Event Reporting System ay isang sistema ng maagang babala na ginagamit ng FDA at CDC upang matuklasan ang mga posibleng problema sa kaligtasan. Para gumawa ng ulat, tumawag sa 1-800-822-7967 o bumisita sa <https://vaers.hhs.gov/reporevent.html>.

Kung ikaw ay nagpalista para sa [V-Safe](#), pagkatapos ng pagpapabakuna na sumusuri sa kalusugan ng CDC (CDC after-vaccination health checker), maaari mo ring iulat ang iyong mga sintomas sa pamamagitan ng smartphone app.

Ang VAERS o V-safe ay hindi nagbibigay ng medikal na payo. Kung mayroon kang mga sintomas o problema sa kalusugan na ikinababahala mo sa anumang oras pagkatapos ng pagbabakuna sa COVID-19, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong tagapamahala ng pag-aalagang pangkalusugan (healthcare provider) o humingi ng medikal na paggamot.

Ano ang mga nasa bakuna?

Ang halos lahat ng mga sangkap na nasa mga bakuna ng COVID-19 ay ang mga sangkap din sa maraming mga pagkain – mga taba, asukal, at asin.

Bukod dito:

- Ang mga bakuna ng Pfizer at Moderna sa COVID-19 ay naglalaman ng mensaherong RNA (mRNA).
- Ang bakuna ng Johnson & Johnson/Janssen COVID-19 ay naglalaman ng bersyon ng virus na walang kinalaman sa virus na nagsasanhi ng COVID-19.



Mga Bakuna sa COVID-19 – Mga Kadalasang mga Katanungan

KALIGTASAN AT MGA EPEKTO

- Ang mga bakuna ng Novavax COVID-19 ay kinabibilangan ng hindi nakakapinsalang mga piraso (mga protina) ng virus na nagsasanhi COVID-19; sila ay mga piraso na madalas na tinatawag na malapakong protina (spike protein).

Ang mga sangkap na ito ay nagbibigay ng mga tagubilin sa mga selula sa iyong katawan upang lumikha ng pagtugong ng imyunidad. Ang pagtugon na ito ay nakakatulong na protektahan ka mula sa pagkakasakit ng COVID-19 sa hinaharap. Pagkatapos makagawa ng pagtugon ng imyunidad ang katawan, itinatapon nito ang lahat ng sangkap ng bakuna tulad ng pagtatapon nito ng anumang impormasyon na hindi na kailangan ng mga selula. Ang prosesong ito ay bahagi ng normal na paggana ng katawan.

Ang bakunang Novavax COVID-19 ay naglalaman din ng isang ‘pantulong’ (‘adjuvant’) upang palakasin ang pagtugon ng imyunidad ng katawan. Ginagamit ang mga pantulong (adjuvant) sa maraming mga bakuna.

Ang mga bakuna sa COVID-19 ay HINDI naglalaman ng mga sangkap tulad ng mga pangpreserba (tulad ng thimerosal o mercury), mga tisyu (tulad ng mga tinanggal na mga selula ng mga sanggol sa sinapupunan o anumang materyal mula sa isang hayop), mga antibiotic, mga protina ng pagkain (tulad ng mga produkto ng itlog o mani), mga medisina, latex, o mga metal.

Alamin pa ang mas marami tungkol sa mga sangkap na mayroon o wala sa mga bakuna ng [Pfizer](#), [Moderna](#), [Novavax](#), and [Johnson & Johnson](#).

Makakakuha baa ko ng COVID-19 mula sa bakuna?

Hindi. Hindi ka makakakuha ng COVID-19 mula sa bakuna. Wala sa mga bakunang COVID-19 ang may virus na nagdudulot ng COVID-19 sa mga ito. Kung minsan ang mga tao ay nilalagnat o nakakaramdam ng pagod sa loob ng isang araw o dalawa pagkatapos makakuha ng bakuna. Ang mga epekto ng bakuna na ito ay normal at isang palatandaan na ang katawan ay nagbubuo ng imyunidad. Dapat silang mawala sa loob ng ilang araw.

Ang pagkuha ba ng bakuna ay magdudulot sa akin na maging positibo sa pagsusuri sa COVID-19?

Hindi. Ang mga bakuna ay hindi magiging dahilan upang magpositibo ka sa PCR o pagsusuring antigen sa virus (mga pagsusuri sa pinahid o dura, kabilang ang mga pansariling pagsusuri) na naghahanap ng kasalukuyang impeksyon sa COVID-19. Maaari kang magpositibo sa ilang pagsusuri sa panlaban ng katawan [antibody] (dugo). Ito ay dahil gumagana ang mga bakuna sa pamamagitan ng pagtuturo sa iyong katawan na gumawa ng mga panlaban ng katawan (antibodies).

Tingnan ang webpage ng pagsusuri sa pampublikong kalusugan sa ph.lacounty.gov/covidtests para malaman pa ang mas marami tungkol sa mga pagsusuri sa COVID-19



Mga Bakuna sa COVID-19 – Mga Kadalasang mga Katanungan KALIGTASAN AT MGA EPEKTO

Ang mga tao bang buntis, nagpaplanong magbuntis, o nagpapasuso ay maaari bang magpabakuna sa COVID-19?

Oo, ang pagbabakuna sa COVID-19 ay inirerekomenda para sa mga taong buntis, nagpapasuso, o sinusubukang magbuntis ngayon, pati na rin sa mga taong maaaring mabuntis sa hinaharap. Ang mga taong may COVID-19 sa panahon ng pagbubuntis ay mas malamang na manganak ng mas maaga [preterm] (mas maaga sa 37 linggo) o patay na sanggol at mas malamang ring magkaroon ng iba pang komplikasyon sa pagbubuntis.

Ang pagbabakuna sa COVID-19 sa panahon ng pagbubuntis ay makakatulong na mapigilan ang malubhang sakit at pagkamatay sa mga taong buntis at protektahan ang mga sanggol na wala pang 6 na buwang gulang mula sa pagkakahospital. Para sa mas marami pang impormasyon, tingnan ang [Mga Katanungan sa Bakuna \(FAQ\): Pagbubuntis, Pagpapasuso, at Pertilidad](#) at ang webpage ng CDC na [Mga Bakuna sa COVID-19 Habang Buntis o Nagpapasuso](#).

Ang mga tao bang may mga alerdyi ay maaaring kumuha ng bakuna ng COVID-19?

Depende.

- Ang mga taong may alerdyi sa mga bagay tulad ng gamot na nilulunok, pagkain (kabilang ang mga itlog), latex, alagang hayop, o pollen, o mga taong may kasaysayan ng mga alerdyi sa pamilya, ay maaaring mabakunahan.
- Kung nagkaroon ka ng alerdyik reaksyon sa isang bakuna o iniiniksyong gamot, kahit na hindi ito malubha, makipag-usap sa iyong doktor upang makapagpasya kung ligtas ang pagpabakuna.
- Kung ikaw ay alerdyik sa Polyethylene Glycol (PEG), hindi ka dapat magpabakuna ng Pfizer o Moderna. Tanungin ang iyong doktor kung maaari kang makakuha ng bakunang J&J o Novavax.
- Kung ikaw ay alerdyik sa polysorbate, hindi ka dapat kumuha ng bakunang Novavax o J&J. Tanungin ang iyong doktor kung maaari kang makakuha ng bakunang Pfizer o Moderna.

May maliit na panganib ng anaphylaxis (isang malubhang uri ng alerdyik reaksyon) sa anumang bakuna.

Ang impormasyon tungkol sa mga alerdyik reaksyon ay maaring magbago. **Siguraduhing tingnan ang pinakabagong gabay sa webpage ng CDC na [Mga Bakuna sa COVID-19 para sa mga Taong mayroong mga Alerdyi](#) at makipag-usap sa iyong doktor.**

Saana ko makakakuha ng mas marami pang impormasyon?



- Para ilimbag (print) o makita itong Kadalasang Katanungan (FAQ) o Mga Kadalasang Mga Katanungan (FAQs) sa iba pang mga paksa ng bakuna ng COVID-19, i-iskan ang QR na kodigo or bisitahin ang [Mga Kadalasang mga Katanungan sa bakuna ng COVID-19](#).
- [VaccinateLACounty.com](#) – kabilang ang [Mga Iskedyul ng Bakuna sa COVID-19](#) na may larawan upang ipakita kung kailan ang bawat dosis ay nakatakda at impormasyon sa [Kung Paano Magpabakuna](#).
- Webpage ng CDC na [Mga Bakuna para sa COVID-19](#).



Mga Bakuna sa COVID-19 – Mga Kadalasang mga Katanungan KALIGTASAN AT MGA EPEKTO

- CDC [Mga Kuro-kuro at mga Katotohanan tungkol sa mga Bakuna ng COVID-19](#) ng CDC at [Mga Kadalasang Katanungan tungkol sa Pagpapabakuna sa COVID-19.](#)
- Tanungin ang iyong doktor kung mayroon kang mga katanungan.

